1

"Leave it alone!" napipikon nang angal ng best friend ni Maja Altamirano na si Camille habang pinapalis ang kamay niyang makailang beses nang pabalik-balik sa spaghetti straps ng suot niyang silk top. Mababa kasi ang neckline niyon na V-shaped at pakiramdam niya ay umabot na sa pusod niya. Sana lang ay hindi maginaw kung saan man sila magpupunta dahil talagang magkakapulmonya siya kapag nagkataon.

Pinandilatan niya ang kaibigan, pero naramdaman niyang parang nag-crack yata ang makapal na foundation na inilagay nito sa mukha niya. "Bakit kasi ito ang kailangan kong isuot?" tanong niya. "Parang nightie! Feeling ko magkamali lang ako ng galaw, mapupunit na."

Niyuko niya ang dibdib at pinamulahan siya ng mukha nang makitang naghuhumiyaw pa rin ang kanyang cleavage kahit pa ilang beses na niyang hinila pataas ang damit. Maluwag man iyon at hindi sunod sa hubog ng katawan niya, iniiwan din nitong hubad ang kanyang mga balikat at kalahati ng likod. Tinernuhan niya iyon ng skinny jeans at itim na *Manolo Blahnik* stiletto heels. Pawang magagara,

mamahalin at hindi kanya ang mga suot niya. Ultimo ang *Balenciaga* bag na nasa tabi niya habang nakaupo sa likurang upuan ng sinasakyang *Mercedes-Benz* hindi rin kanya. Lahat ng mga iyon ay pag-aari ni Camille na ipinahiram nito sa kanya.

Pati ang party na pupuntahan nila ay kay Camille.

Umirap lang ang kaibigan at inayos pa nito ang pagkakalagay ng cheek tint sa pisngi niya. "Hindi kasi p'wede ang *Skechers* mo sa party ni Martin, ano!" sabi nito bago sinipat kung maayos pa ang makeup sa mukha niya. Hindi pa sila nakakarating sa kung saanman siya dadalhin nito, nangangati na siya.

"Bakit mo kasi ako isinama?" inis niyang tanong. Balak lang nila ang magkaroon ng isang tahimik na Saturday night kung saan tatambay lamang sila sa pad ni Camille para sa kanilang weekly Girls' Day. Manonood lang sila ng DVD at kakain ng popcorn, ice cream at magpapakalunod sa *Coke*.

Magsisimula na sana silang manood ng pelikulang *My Best Friend's Wedding* ni Julia Roberts nang mag-ring ang *iPhone* nito at bigla na lang nagsimulang magtitili sa telepono. Nang matapos ang tawag, hinila siya ng kaibigan at, gaya ng nakagawian kapag bigla na lang siyang isasama nito sa mga kung anu-anong gimmick, pinagbabato siya nito ng mga damit na

dapat niyang isuot bago mamili ng sariling outfit.

Polar opposites ang dalawang babae. Nagkakilala sila noong elementary dahil naging magkaklase sila sa isang exclusive school na pinapasukan. Bully noon si Camille. Isa ito sa pinakamayayaman at pinakamagagandang babae sa paaralan, at alam iyon ng dalaga. Si Maja naman ay galing sa middle-class na pamilya, mahiyain at matalino. In short, geek siya kaya madaling target ng tukso. Lalo pa't hindi siya sumusunod sa uso. Sino ba naman ang matinong tao na bibili ng medyas mula sa *Marks and Spencer* na five hundred pesos ang isang pares? Ibibili na lang niya iyon ng pagkain.

Hindi naman siya mahirap; may-kaya rin ang pamilya niya. Kahit anim silang magkakapatid, nakapag-aral sila sa magagandang paaralan, nabihisan nang maayos at ni minsan hindi nagutom. Iyon nga lang, napalaki rin sila ng kanilang mga magulang na marunong magpahalaga sa pera.

Nag-volunteer siya bilang peer tutor noong high school at dahil mahina sa English si Camille, napilitan itong magpa-tutor sa kanya. Natagpuan na lamang nila ang mga sarili na best friends na sila, and the rest, as they say, is history.

Mabait naman si Camille. Hindi lang nito

minsan maintindihan ang pagkakaiba nila ni Maja sa madaming bagay. Kabilang na roon ang kawalan niya ng hilig sa makeup at fashion. At dahil doon, itinalaga nito ang sarili bilang personal makeup artist at fashion consultant niya, sa ayaw o sa gusto niya.

"P'wede ba kitang iwan sa bahay buong gabi?" Dumukot ito sa dalang giant bag ng isang pares ng dangling earrings at mga bangles na animo'y ilang kilo ng silver yata ang ginamit para magawa iyon.

"P'wede," sagot niya. "Kung iniwan mo ako, sana nakahiga na ako ngayon sa kama mo, nanonood ng movie at kumakain ng popcorn." Hindi pa niya nasusuot lahat ng mga iniabot nitong accessories, winisikan na siya nito ng mamahaling pabango na nanuot sa ilong niya ang amoy. "At hindi ako nato-torture ng ganito," dagdag niya habang pinapaypay ang isang kamay sa harap ng ilong. Masyado kasing malakas ang amoy ng pabango ng kaibigan.

"Huwag ka nga magreklamo," sabi nito na sarili naman ang pinabanguhan. Kung pakiramdam ni Maja ay exposed siya sa suot na top, buti na lang hindi ang suot ni Camille ang ibinigay nito sa kanya. Dahil dakilang fashionista at party girl, parang apron lang na may hot pink sequins ang suot nito. Nasasara lang ito ng ilang tali sa batok at sa likod ng dalaga.

Nakasuot din ito ng short leather skirt at knee-high boots. Tiningnan nito ang sarili sa dalang compact at gumawa ng kissy faces. "Perfect."

Humalukipkip si Maja bago naisip na lalo lang ma-e-expose ang hinaharap niya. Nang mapansing muli ang cleavage, ibinaba niya ang mga braso at naupo nang tuwid. Pumalatak siya nang matiyak na kailangan niyang maupo o tumayo na parang kadete ng *PMA* para hindi kumawala ang dibdib niya sa buwisit na top. "S'an ba tayo pupunta?"

"Kina Martin."

Umikot ang kanyang mga mata. "Since hindi ko kilala si Martin, hindi ko alam kung taga-saan siya."

"Blockmate ko siya n'ung college. Sa States na siya nag-stay after graduation, so ngayon ko lang ulit siya makikita. Biglaan nga daw 'tong party kasi pupunta na siya ng Palawan tomorrow afternoon."

Excited ang tinig nito, pero gusto na niyang sumigaw ng 'para!' sa driver ng kaibigan. Blockmate? Party ng college barkada ni Camille? Oh, no!

Magkaiba sila ng kolehiyong pinasukan. Sa *University of Asia and the Pacific* nag-aral si Camille, at sa *UP Diliman* kumuha ng kurso si Maja dahil una, gusto niya sa *UP*, at pangalawa, walang miyembro ng

pamilya nila ang hindi nag-aral sa state university na iyon. Pareho pang guro roon ang kanyang mommy at daddy. Hindi sa snob siya, pero hindi kasi maganda ang experience niya sa mayayamang college friends ng kaibigan.

Minsan lang niya nakilala ang ilan sa mga ito, at kamalas-malasan na iyong mga nakilala pa niya ay ang mga katulad ni Camille noong elementary na kapag hindi nakasuot ng *Nine West* na sapatos ay hindi karapat-dapat na huminga ng parehong hangin na hinihinga ng mga ito. Alam niyang hindi lahat ng mayayaman ay ganoon, pero iyon kasi ang pakiramdam niya nang makilala ang mga naging kabarkada ni Camille.

Pinag-aaralan na pala siya ng kaibigan at hindi nakatakas sa matalas nitong paningin ang pagngiwi niya. "Galit ka pa din ba kina Penny?" anito. "It's been years."

"Mahirap kasing malimutan kapag tiningnan ka ng isang tao mula ulo hanggang paa, eh," pangangatuwiran niya. Nag-adapt siya ng maarteng kolehiyala accent. "Sorry, ha. I didn't make suot my mamahaling shoes today. I, like, went with my friends to a rally kasi, eh. You know us namang mga tibak. Let's make baka, don't be takot."

Malakas na tumawa si Camille dahil gayang-gaya niya ang paraan ng pananalita ni Penny. "Nakaganti ka naman sa kanya," paalala nito. "Hindi ba bigla ka na lang nag-ala-aktibista doon at may nalalaman ka pang terms na 'kanser ng lipunan' at 'ibagsak ang imperyalismo' or something."

Umismid si Maja. "'Yun naman ang expected niya sa mga taga-*UP*." She shrugged. "Binigay ko lang ang sa tingin ko ay nararapat sa kanya. Para kasing wala kaming ginawa kundi mag-rally."

Sinaway siya ng kausap nang itinaas nito ang dalawang kamay. "Four years na tayong graduate, hindi ka pa din maka-get over sa issue ng schools natin."

Muling umikot ang kanyang mga mata bago padabog na sumandal. "Saan ba kasi ang bahay ng Martin na 'yan? No, wait!" Pinigil niya ito bago makasagot. "Let me guess, sa *Corinthian*, ano?"

"Sa Greenhills."

"I should have known."

"Hayaan mo na!" Muling sinipat ni Camille ang sarili sa salamin at sinuri ang pagkaka-clump ng mga pilikmata nito. "Isa pa, dadating 'yung crush ko mamaya," pahabol nito na hindi pa nakontento sa

lipstick at nag-retouch itong muli. “Si Kuya Gerald ni Martin.” Mahigpit nitong hinawakan ang braso niya. “Naku, girl! Grabe ‘yun. Katakam-takam!” Ipinagdikit pa nito ang mga labi na para bang may ninanamnam na masarap na lasa mula roon. “Yummy talaga!”

Nagtaas ng isang muntikan-nang-maging-bagong-pluck na kilay si Maja. “Yummy?”

“Yup.” Camille sighed and smiled dreamily bago siya nito biglang tiningnan. “Akin ‘yun, ha! Kung gusto mo, sa ‘yo na lang si Martin. Mas type mo ‘yun, kasi mas boyish. P’wede na nga siyang maging miyembro ng boyband.” Tumawa ito nang malakas.

Pati kasi ang pagkakagusto niya sa boyband ay isang issue ng pag-aaway nila. Gusto ni Camille ng mga banda na tulad ng *Creed* at *Incubus*, paborito naman ni Maja ang *Backstreet Boys* at *Westlife*. Pero dahil sa nakikinig din siya ng *Incubus*, hinahayaan na lang niya ang kaibigan ang mamili ng music pag magkasama sila. Para walang away.

“Basta mamaya, behave. If you don’t want to talk to any of them, ngumiti ka na lang. And remember, huwag mo sila bastusin.”

“Excuse me, hindi po ako bastos,” reklamo ni Maja. “Basta huwag nila ako bastusin. Isa pa, hindi

naman ako mukhang poor ngayon, ano! Presyo pa lang ng bag mo, p'wede ko nang pakainin ang mga nagugutom na pamilya sa Payatas."

2

The party was already in full swing when they arrived at the Villablanca residence. Masayang sinalubong ng mga nagtitiliang babae si Camille na nagsimula na ring tumili at makipag-beso-beso sa mga ito. Muntik na nga siyang malimutan nito kung hindi lang niya ito kinurot sa tagiliran. Ipinakilala siya ng babae sa college friends nito at naalala niya si Penny na kiming nag-hello sa kanya bago tumalikod. Dedma lang siya sa hindi nito pagpansin sa kanya.

May higit tatlumpung katao na ang nasa ground floor ng bahay. Nagkalat ang mga Inglisero at Inglisera sa sala at sa dining room kung saan nakahanda ang buffet na sa tantya ni Maja ay catered ng isang mamahaling restaurant. Bukas ang sliding door patungo sa likod-bahay at may mga tao rin doon sa bar area na may totoong bartender pa talaga na nagtitimpla ng mga drinks.

Nakikipagkuwentuhan na si Camille sa mga dating kaklase at out of place naman si Maja dahil hindi siya maka-relate sa mga ito. Ang gagang si Penny pa talaga ang nag-o-open ng topics tulad ng college memories ng block section ng mga ito na

siyempre ay hindi siya kasali. Ang nagtatangka lang na magsali sa kanya sa usapan ay ang isa sa mga lalaking blockmates ni Camille na may pagka-creepy pa dahil laging nakatingin sa dibdib niya. Pervert!

Nang hindi na makatiis, tumayo siya at tinungo ang pool area. Sa isang banda ay madaming tao dahil nagkukumpulan ang mga ito sa bar area. Mas tahimik sa kabilang dulo ng pool dahil walang tao roon. May ilang lounge chairs lang na sa tingin niya ay perfect para makaupo siya nang walang istorbo at walang kausap.

Naglakad siya patungo roon at naupo sa isang lounge chair. Inalis niya ang sapatos bago itinaas ang mga binti at kampanteng sumandal. Tahimik nga sa napili niyang lugar, at dahil wala namang nakakakilala sa kanya, alam niyang hindi siya lalapitan ng ibang mga bisita.

Inisip ni Maja ang pagkakaiba nila ni Camille. Oo, hindi siya mayaman pero hindi siya naghirap. Lahat ng gusto niya ay nakukuha niya. Kung may gusto siyang bilhin, pinag-iipunan niya iyon. Kung kulang naman siya sa pera, puwede siya manghingi sa mommy at daddy niya, o kaya sa kuya niya. Ngayon, may sarili na siyang trabaho kaya hindi na siya nanghihingi. Siya na ang nagbibigay.

Si Camille naman, sustentado ng mga magulang. May credit cards ito sa halos lahat ng bangkong may ino-offer na plastic money. Gastos dito, gastos doon. Spoiled ang kaibigan at alam niyang ni minsan ay hindi ito nakaranas ng hirap, kaya hindi nito ma-appreciate nang lubos ang kayamanan nito.

At dahil sa mayaman nga, sosyalerang fashionista ito, isang bagay na kahit siguro tutukan siya ng baril ay hindi niya kayang maging. At ni minsan ay hindi niya pinangarap maging sosyal kahit pa kaya niya. Komportable siyang naka-jeans at sneakers, walang kolorete sa mukha, walang accessories. Kung may ilang beses na ring sabihin ni Camille na iyon ang dahilan ng pagiging NBSB niya, wala siyang pakialam. Kung totoo namang may magmamahal sa kanya, mamahalin siya nito kahit ano pa ang hitsura o ayos niya.

Pinanood ni Maja ang pool. May mga lumulutang na lanterns doon na may nakasinding tea lights. Kung sinuman ang nag-organize ng party na ito, successful ang taong iyon. Biglaan pero bongga.

Nagulat siya nang may maupo sa lounge chair sa tabi niya, at iyon ay si Mr. Isali-natin-sa-usapan-si-Maja-para-hindi-niya-mahalatang-nakatingin-ako-sa-boobs-niya. Nabagot siya at sumimangot.

Siyempre, hindi iyon napansin ng lalaki dahil hindi ito nakatingin sa mukha niya.

"Hi," bati nito sa dibdib niya.

Tumaas ng isang kamay ni Maja at ipinatong iyon sa dibdib para siguraduhing hindi ito makakasilip bago bumaling sa lalaki. "'Andito sa itaas ang mukha ko," mataray niyang sagot. Ngumiti lang ang gago.

"I'm Kenneth."

"I'm pissed off and I want to be alone."

Tumawa ito. "You're feisty. I like that."

You like that? Tingnan natin kung gaano mo kagusto ang masaksak ng stiletto heel sa noo...

Pumalatak siya at tumayo pero hinawakan siya ng lalaki sa braso. Pinandilatan niya ito. "Take your grimy hands off me," utos niya.

Ngumisi ito. "Or what?"

"Or I'll throw you out of the house."

Hindi si Maja ang nagsalita. Mabilis siyang nag-angat ng ulo at nakita ang isang matangkad na lalaking nakatayo sa di-kalayuan. Nakasuot ito ng long-sleeved, puting button-down shirt at jeans. Hindi niya makita ang mukha nito dahil madilim sa kinatatayuan

nito, pero kung nakikita niya iyon, sigurado siyang may galit sa mga mata nito. Nakakuyom ang mga kamay, humakbang ito papalapit nang hindi kaagad bumitaw si Kenneth sa kanya.

Nang maisip na roon nakatingin ang estrangherong lumalapit sa kanila, mabilis na binitiwan ni Kenneth ang braso ng dalaga. "Nice meeting you, Maja," sabi nitong hindi inaalis ang paningin sa matangkad na lalaki.

"Sorry, the feeling isn't mutual." Pero hindi na nito narinig ang mga katagang iyon dahil mabilis itong naglakad palayo.

Pilit niyang sinisipat ang mukha ng lalaki pero natatakpan pa rin ito ng anino. Mukha tuloy itong misteryoso, dangerous at sexy. Matangkad kasi ito at matipuno ang pangangatawan na may malapad na dibdib at mga balikat na kita niya kahit pa sa ilaw lang ng mga kandilang mula sa pool.

"Are you okay?" tanong nito.

Tumango siya. "I'm fine." She *was* fine, medyo naalibadbaran lang sa ikinilos ni Kenneth. At dahil wala na ang asungot, muli siyang naupo sa lounge chair. Nakatingala pa rin siya sa mukha ng estranghero. "Thank you for coming to my rescue."

Nagkibit-balikat ito at lumapit sa kinauupuan niya hanggang sa makita niya ang mukha nito. *Oh, my gosh! He's yummy!* Napalunok siya.

Kung namana niya ang talento ng ama sa pagguhit, iguguhit niya ang mukha ng lalaking ito. O kaya ipipinta niya. Puwede niyang ipaukit sa kahoy sa Kuya Datu niyang eskultor. Pero sigurado niyang babatukan siya nito kapag sinabi niyang gusto niyang nude statue ang gawin nito.

The man's face was composed of hard masculine lines and angles with a straight nose and high cheekbones. Ang ganda rin ng mga labi nito na para bang kay lambot at kay sarap halikan. Parang madali itong mapangiti, pero madali ring mapasimangot. Bilugan ang mga mata nito at expressive. Sa mga matang iyon, nakikita pa rin niya ang pagkainis nito kay Kenneth, pero bahagya nang napapalitan ng paghanga iyon habang tinitingnan siya. Namula siya dahil alam niyang nakatitig siya rito. At least, dahil nga hindi siya nag-aalis ng tingin dito, alam din niyang hindi pa bumababa sa dibdib niya ang mga mata ng lalaki.

Humalukipkip siya at patuloy na pinag-aralan ang mukha nito.

"Do you mind?" tanong nitong itinuro ang lounge

chair na binakante ni Kenneth, at nang umiling ang dalaga, naupo ito. "Sinaktan ka ba niya?"

Sinulyapan ni Maja ang braso kung saan siya hinawakan nang mahigpit ng bastos na lalaking iyon. May marka ng mga daliri roon sa higpit ng pagkakahawak ni Kenneth. Umiling na lang siya. "Hindi naman. Natakot lang ako sa kanya for a moment."

"Mukhang hindi ka naman natakot," ngiti nito.

Ngumiti na rin nang bahagya si Maja. "Actually, iniisip ko kung ano ang mas magandang paraan para makawala ako, kung pukpukin ko ba siya sa noo ng takong ng sapatos, o itulak ko siya sa pool."

Tumawa ito. "Buti na lang wala akong masamang intensyon sa 'yo."

"Nakakabastos kasi siya. Kanina pa siya nakatingin sa—" Bigla siyang napatigil bago pa niya tuluyang masabi na sa boobs niya nakatingin si Kenneth. Umiling siya. "Bakit kasi ito pa 'yung sinuot ko?"

Mabilis nitong sinulyapan ang suot niyang top bago ibinalik ang tingin sa kanyang mukha. "Are you sure hindi ka giniginaw?" tukso nito.

Tumawa siya. "Hindi po, and before you ask,

hindi akin ang top na ito kundi sa best friend ko. Kung alam ko lang na may manyak kayong kaibigan, hindi ko ito isusuot."

"Hindi ako," sabi ng lalaki. Itinaas din nito ang mga binti at nag-Indian seat sa lounge chair. "I mean, hindi ko sila mga kaibigan. Bisita lang ako ni Martin. Well, hindi din ako manyak if that makes you feel safe with me."

"That's good to know," sagot niya. "Minsan kasi, lalo na kapag katulad ninyong mayayaman, pakiramdam na nila ay puwede nilang gawin ang kahit ano and they can get away with it."

Tumaas ang isang kilay ng kaharap. "What do you mean by 'katulad ninyong mayayaman'?"

Nagmuwestra ng isang kamay si Maja at nagkalansingan ang mga suot niyang bangles. "No offense meant," simula niya. "I don't mean to be judgemental o gumamit ng stereotypes. Pero you look like sa *UA&P* ka din nag-aral, o malamang Atenista ka. You probably drive a *Porsche* dahil nakakita ako ng gan'ong kotse na nakaparada sa kalye kanina." Sinulyapan niya ang pupulsuhan nito.

"Your watch is probably a *Rolex*, and you wear expensive, branded clothes, down to your *Calvin*

Klein underwear. At tuwing weekends, malamang nakatambay ka sa yate mo but your favorite sport is golf. Kung hindi kita na-bull's eye, malamang I just described two or three people inside the house."

Pinagmasdan siya ng lalaki na tila ba manghang-mangha sa mga sinabi niya. Bigla siyang napahiya. Baka nainsulto niya ito nang tuluyan. Hindi talaga siya snob, pero napipikon na si Maja sa mayayamang bisita nang gabing iyon. Ibinaba ng kausap ang mga binti at na-disappoint ang dalaga dahil mukhang aalis nga ito dahil nainis na marahil sa kanya. Nagbaba siya ng mukha.

Ito, ito mismo, isip niya. '*Yang pagiging opinionated mo ang isa sa mga dahilan kung bakit wala ka pang boyfriend*.

"Are you interested?" biglang tanong nito at nag-angat siya ng mukha para tingnan ito. Nakangiti ito sa kanya at mukhang amused imbis na nainsulto.

"Interested in what?"

"Malaman kung ilan ang tama mo sa mga sinabi mo?"

Nakita na lang niyang tumatango na siya.

Lumawak ang ngiti ng lalaki at lalong lumabas

ang kaguwapuhan nito. "Tama ka, Atenista ako, elementary through college, at d'un din ako kumukuha ng MBA ngayon. *Volvo* ang kotse ko, hindi *Porsche* at wala din akong yate. My watch is a *Rolex* pero bigay lang 'to sa 'kin ng mommy ko. It's my only watch kasi hindi ako mahilig magsuot ng relo. I hate golf. Mas gusto ko pang ipa-root canal lahat ng ngipin ko kesa mag-golf ako." Tumayo ito. "Kukuha lang ako ng maiinom. Do you want anything to drink?"

Hindi inaasahan ni Maja ang tanong nito. "Ah, kahit ano. I'm not particular."

Tumango ito at tumalikod. Nakalayo na ito ng ilang hakbang bago siya muling binalingan. Kahit bumagyo siguro o pumutok ang bulkan ay hindi niya maiaalis ang pagkakatingin niya sa mga mata nito, o sa pilyo nitong ngiti.

"And you're right about another thing. *Calvin Klein* ang underwear ko." Kumindat ito bago siya muling tinalikuran at naglakad papunta sa bar.

She's fascinating, isip ni Gerald Joseph Villablanca. May ilang beses din niyang sinulyapan ang babaeng iniwan niya sa dako ng lounge chairs habang hinihintay ang mga drinks na in-order niya mula sa

bartender. Hindi na siya nagpatimpla ng kung anu-ano dahil gusto na niyang bumalik sa tabi ng dalaga. Sandali pa lang sila nag-uusap, pero may kakaiba na siyang nararamdaman para rito.

Nang magpaalam ang kapatid niyang si Martin na gagamitin ang bahay niya para sa isang homecoming party para rito, nagdalawang-isip siya kung papayag siya. At nang pumayag naman siya, inisip niya kung dadalo ba siya sa party. A noisy night with superficial, rich, spoiled brats was not his idea of a good time pero naisip niyang kung wala siya roon, baka lalo pang may gulong mangyari. At least, kapag dumalo siya, matatakot ang mga itong gumawa ng kalokohan na kadalasang nangyayari sa mga pagtitipon na tulad nito.

He trusted his brother, pero better safe than sorry, wika nga.

Inabutan siya ng bartender ng dalawang bote ng *Vodka Ice* at bumalik siya sa hilera ng lounge chairs kung saan niya iniwan ang kasama.

She looked pretty, if uncomfortable, sa suot na sexy top, at halatang iritado rin ito sa sapatos na nakakalat sa sahig. At tulad ni GJ, she didn't look too happy to be in the party kung ibabase sa pagkakunot ng noo ang mood nito. Iniabot niya ang bote sa dalaga

at nagpasalamat ito.

"Hindi ko pala alam ang pangalan mo," sabi nito bago sumipsip mula sa bote. "Ako nga pala si Maja."

"GJ," sagot niya. Uminom siya mula sa sariling bote. "Bakit ka galit sa mayayaman?"

Natawa ito at ipinatong nito sa sahig ang bote ng *Vodka Ice*. "Hindi naman ako galit sa mayayaman," paliwanag nito. "Naiinis lang ako sa ibang mayayaman. Madami kasi sa kanila ang snob."

"Madami din sa mga hindi mayaman ang snob." Hindi naman sa gusto niya itong awayin, pero gusto niyang malaman kung ano ang isasagot nito.

Ngumisi si Maja. "That's true," sang-ayon nito. "Pero gan'un naman talaga. Hindi naiintindihan ng mayayaman ang mahihirap, at hindi naiintindihan ng mahihirap ang mayayaman."

"Ikaw?" tanong ni GJ. "Saan ka nakalugar?"

"Sa gitna," mabilis na sagot niya. "Middle-class ako, eh, at kaming middle-class ang may karapatang magalit." Curious, pinagmasdan niya ito pero umiling ang dalaga. "Saka ko na ipapaliwanag, kapag close na tayo."

"Huhulaan ko," aniya. "Middle-class ka at sa *UP*

ka nag-aral."

Imbis na mainsulto, tumawa rin ito. "I guess, I deserve that," saad nito. "Two out of two ka, Mr... ah, ano'ng apelyido mo?"

"Villablanca."

Namilog ang mga mata nito. "Ikaw si Gerald na kuya ni Martin?"

Tumango siya. "GJ short for Gerald Joseph."

"Maja!" tawag ni Camille mula sa kabilang dulo ng pool at mabilis na tumayo si Maja. Muntik na niyang matumba ang boteng nasa paanan niya. Nagmamadali niyang isinuot ang isang sapatos, at nagulat siya nang hawakan ni GJ ang isa niyang kamay para tulungan siyang tumayo habang isinusuot ang isa pa.

"God, alam mo bang *Manolo Blahnik* ang pinakamahal at pinakamasakit sa paang sapatos na naisuot ko?" reklamo niya sa binata na nakangiting umiling.

"Buti na lang hindi ako mahilig sa heels," biro nito.

"Maja," tawag muli ni Camille na nasa likuran na pala ni GJ. "Kanina pa kita hinahanap. Gusto mo

bang kumain?" Ngumiti ito sa lalaki at kumurap-kurap. "Hi, Kuya Gerald."

"Hello, Camille," sagot nito.

Hinapit siya ng babae sa baywang. "Thank you at binantayan mo itong best friend ko. Bigla-bigla na lang kasing nawawala, eh." Sinimulan nitong hilahin palayo ang kaibigan. Doon lang namalayan ni Maja na nakahawak pa pala siya sa malapad at mainit na kamay ni GJ. Binitawan niya ito.

"It was nice talking to you, GJ."

"You, too," sagot ng binata.

"'Lika, may gusto akong ipakilala sa 'yo," malakas na sabi ni Camille. Pero nang makalayo silang dalawa, kinurot siya nito sa tagiliran bago bumulong, "I can't believe kausap mo si Kuya Gerald!" sabi nito.

"Kesa naman si Penny ang kausap ko," bulong din niya. "O kaya si Kenneth. Alam mo bang sa dibdib ko lang nakatingin ang gagong iyon ng buong gabi?"

Pumalatak ito. "'Lika, ipapakilala kita sa pinsan ni Penny. Guwapo 'yun, Girl!"

She groaned. Sa lahat naman ng puwedeng ipakilala sa kanya, pinsan pa ng bruhildang supladita ang napili ng best friend niya.

3

Nagngingitngit pa rin si Maja kinabukasan. Tulad ni Penny, antipatiko at mayabang din ang pinsan nitong ipinakilala ni Camille sa kanya. Nang sinabi niyang hindi siya interesadong makita ang kotse nito at wala siyang pakialam kung ito ang unang nagkaroon ng touchscreen phone sa barkada nito, iniwan siya nitong mag-isa na nakaupo sa sofa.

Kung sana ay hindi na lang siya humiwalay kay GJ. Napilitan na lang siyang maupo sa tabi ni Camille at nagmukmok. Buti na lang at si GJ din ang pinag-uusapan ng mga ito.

Nalaman niyang ito ang magmamana ng business ng mga Villablanca na malaking pangalan pala sa real estate world. Sila ang may-ari ng ilan sa malalaking properties sa Libis, Ortigas at Taguig kung saan nakatayo ang ilang mga bagong commercial at residential buildings. Twenty-six years old pa lang ito, at kumukuha nga ng MBA para sa mga managers sa *Ateneo Graduate School of Business* sa Makati para mas mapabuti ang pagpapatakbo ng kompanya kapag nailipat na ng ama nito sa pangalan nito ang kompanya. Nasa States ang mga magulang ni GJ at

ito lang mag-isa ang nasa Manila, lalo pa't sa Palawan tutuloy si Martin. At ang pinakaimportante, wala itong girlfriend sa kasalukuyan.

Bumuntong-hininga si Maja habang pinag-aaralan ang layout ng bagong issue ng magazine na ilalabas nila sa isang buwan. As if naman mapapansin siya ng binata. Isa pa, hindi ba isa sa mga rules niya sa sarili ang hindi makipag-date sa mayayaman?

Iba kasi ang trip ng mga iyon. Sa ibang lugar nila gustong pumunta, iba ang hilig nilang gawin. At kung titingnan lang ang party nang nakaraang gabi, baka hindi siya mag-enjoy na kasama nito.

Nag-enjoy ka naman kagabi, ah, sabat ng kanyang isip. *Masaya ka n'ung kasama mo siya.*

"Ate," tawag ng nakababata niyang kapatid na si Diyosa mula sa pinto. Hindi sa unang pagkakataon na naisip ni Maja na buti at ito ang pinangalanang 'Diyosa' at hindi siya dahil bagay na bagay rito ang pangalan. "Phone daw sabi ni Kuya."

"Sino daw?" tanong niya nang tumayo mula sa kama.

Nagkibit-balikat ito. "Hindi sinabi pero pusta ko ay lalaki ang tumatawag sa 'yo. Nakakunot ang noo ni Kuya, eh," sabi nito bago tumawa nang malakas.

Lalaki? Wala namang tatawag na lalaki sa kanya dahil ang mga kilala niya, alam ang cell number niya. Dahil sikat nga si Datu na mahilig mang-phone interview ng lalaking tumatawag sa mga kapatid nito, bihira silang magbigay ng phone number sa mga nanghihingi rito lalo na kapag lalaki.

Sabay silang bumaba ni Diyosa at kinuha niya ang telepono mula sa kamay ng nakasimangot na kuya. Siniko niya ito at nang lumayo si Datu, saka lang niya sinagot ang tawag. "Hello?"

"Hi. Maja?"

Nabosesan kaagad niya ang lalaking nakausap sa poolside. "GJ? Paano mo nakuha ang number ko?"

Narinig niya ang magkahalong amusement at pagkainis sa tinig nito. "Gusto mo talagang malaman? It's complicated. Una, tinanong ko kay Martin kung alam niya ang number mo, at n'ung hindi niya alam, ipinatanong ko kay Camille. Ayaw 'yun ibigay sa kanya ng kaibigan mo hanggang sa hindi niya nakuha 'yung number ko. N'ung binigay na ni Camille 'yung number mo kay Martin, ayaw naman ibigay ng gunggong na 'yun sa 'kin hangga't hindi ko ipinapangako na ako ang magbabayad ng pamasahe nila ng girlfriend-of-the-month niya papunta ng Palawan. So para makuha ko ang landline mo at makausap lang ng kuya mo,

gagastos ako ng limpak-limpak at makikipag-textmate sa best friend mo. Feel sorry for me?"

Hindi niya napigilan ang mapahagikgik. Lihim naman siyang na-flatter dahil pinaghirapan nito ang pagkuha sa number niya. "Bakit kasi hindi mo na lang hiningi sa 'kin kagabi? Binigay ko sana sa 'yo 'yung cell number ko para hindi mo na nakausap si Kuya."

Narinig niya ang buntong-hininga ng binata mula sa kabilang linya. "Hihingin ko sana, kaya lang n'ung nagkalakas ako ng loob, nakaalis ka na."

"Sorry," sabi niya pero hindi talaga siya sorry. "So ngayong alam mo na ang number ko, ano'ng sasabihin mo?"

"Aayain sana kitang lumabas," tugon nito.

Nabigla si Maja. "What? Why?"

May ilang segundo rin bago nakasagot si GJ. "Because... I like you?" Patanong ang tono nito.

"So... hindi ka sigurado?" balik-tanong niya.

"Ha? Hindi!" halos pasigaw na sagot nito mula sa kabilang linya. "I didn't mean it that way." Biglang natahimik ang binata na para bang napahiya sa mga sinabi nito. Bumuntong-hininga ito. "Okay, look. Ayokong sabihin sa 'yo ito over the phone, pero

pakiramdam ko kailangan kong magpaliwanag. I really like you. I want to take you out so I can get to know you better."

May ilang saglit ding hindi nakapagsalita si Maja. Hindi niya alam ang sasabihin. Kapag nagbuka siya ng bibig, baka sumigaw lang siya ng 'I like you, too! I like you, too!' at higit pa sa wa-poise iyon, sigurado niyang mababato siya ng figurine ng kuya niyang suspetyoso pa ring nakatingin sa kanya mula sa sofa.

Isa pa, she didn't date rich guys.

Pero hindi naman maganda kung sa telepono niya sabihin iyon kay GJ. Gusto niya ipaliwanag dito ang prinsipyo niyang iyon, pero sa personal. Isa pa, gusto niya talagang makitang muli ang binata. Ano ang masama kung pumayag siyang makipagkita?

"Okay," sagot na lang niya.

"Okay?"

"Okay, I'll see you."

"Talaga?" Masaya ang tinig nito.

"Oo na po." Hindi na rin niya mapigil ang ngiti.

"Are you busy tonight?"

"Hindi naman, bakit? Mamaya na ba?"

"Oo," anito at natuwa naman siya na gusto siya nitong makita kaagad. "I can pick you up at six kung okay lang."

"Saan tayo pupunta?"

"I'm thinking dinner... o kahit ano'ng gusto mo."

Napaisip si Maja. Malamang sa mamahaling restaurant siya dadalhin ng lalaki. Alam niya ang estilo ng mga ito at alam niyang hindi siya mag-e-enjoy kung kailangang naka-dress siya at nag-iisip kung alin sa isang dosenang tinidor na nasa tabi ng pinggan niya ang susunod na kailangang gamitin.

"Alam mo, kailangan kong magpunta sa mall ngayong hapon. Kung free ka after lunch, magkita na tayo."

"Mall?" Parang hindi sigurado ng binata na tama ang dinig nito. "Gusto mong mag-date sa mall?"

Lumaki ang ngisi ni Maja. Sigurado siyang makikita niya ang tunay na kulay nitong si Gerald Joseph Villablanca. "Hindi naman tayo magde-date, magkikita lang tayo. I still have to decide if I want to date you. So, okay lang sa 'yo?"

"Okay. Pero susunduin kita. Pakibigay na sa akin ang cell number mo. I-text mo sa 'kin ang address

mo."

Nang maibigay na niya rito ang numero niya, nagpaalam na siya at ibinaba ang telepono. Doon lang niya napansing may pitong pares ng mga matang nakatingin sa kanya mula sa living room.

"May date ka, Ate?" tanong ng bunso nilang si Diwa.

Sinulyapan niya ang kuya nila bago ngumiti. "Meron!" sabi niya at nagtatakbong bumalik sa silid.

Sa Pasig ang bahay ng mga Altamirano. Sinusulyap-sulyapan ni GJ ang sketch na ginawa niya matapos makuha ang address ni Maja. Hindi niya kabisado ang lugar na iyon, but if there's a will, there's a way. Hinanap niya sa *Googlemaps* ang area ni Maja.

Hindi naman siya naligaw. Nakita na niya ang malaking signboard na nag-aanunsyo ng village kung saan nakatira ang dalaga. Nanghingi siya ng direksyon mula sa guwardya patungo sa kalyeng nakasaad sa address bago niya muling pinaandar ang sasakyan.

Gusto ng dalaga na mag-date sila sa mall. Ah,

hindi pala mag-date, pumunta lang. Hindi pa sila nagde-date. Ang alam niyang puntahan ay Greenhills, *Glorietta, Greenbelt, Rockwell, Trinoma* at *The Podium*. Hindi siya mahilig magpupunta sa mga malls ng *SM* dahil madaming tao roon at laging masikip. Naisip niyang dahil ba roon ay elitista na siya? Mayabang?

Siguro iyon ang rason kung kaya naintriga siya kay Maja. May specific ideas ito tungkol sa mayayaman. Na-challenge din siya dahil gusto niyang patunayan na hindi lahat ng may-kaya ay tulad nina Kenneth.

Pero ngayon pa lang na sa mall nag-aya ang dalaga, kinakabahan na siya. Ang alam kasi niyang date ay ang klase ng date na mula pagkabata ay ipinagpilitan na sa kanila ng kanilang mama. Dalhin sa isang mamahaling restaurant ang babae o kaya isama sa isang out-of-town trip. Ano ang puwedeng gawin sa mall kapag may kasamang date?

Nang makita niya ang numero ng bahay ni Maja, ipinarada niya ang kotse at pinatay ang makina. Bumaba siya ng sasakyan at tinungo ang doorbell. Naisip niyang baka ang kuya nito ang magbukas ng pinto pero pinindot na rin niya ang buzzer.

Si Maja ang nagbukas ng front door at mabilis nitong isinara iyon nang makalabas kahit madaming

taong nakatayo sa likod niyon. Nagmamadali din itong lumabas ng gate.

Nakasuot ito ng jeans at baby tee na tinernuhan ng sandals, at may dalang isang malaking canvas tote bag. "Hi!" bati nitong may masayang ngiti sa mga labi. "Sorry, madaming 'uzi' sa bahay namin, eh—usiyosero at usiyosera."

Muli niyang sinulyapan ang pinto at nakitang bukas na itong muli at madami ngang nakasilip doon. Hinawakan niya ang kamay ni Maja na nasa kanyang braso dahil hinihila na siya nito papunta ng kotse. "Hindi mo ba ako ipapakilala sa kanila?" tanong niya.

Pinandilatan ni Maja ang mga kapamilyang nasa pintuan bago binalingan ang katabi. "Saka na," sabi nito. "Hindi pa naman tayo nagde-date, di ba?"

Pinagbuksan ni GJ ng pinto ang babae, pero hindi niya kaagad isinara iyon nang makasakay na ito. Tumungo siya rito at ngumiti. "Makikilala ko din sila, soon."

Iyon lang ang sinabi niya at isinara na ang pinto sa gulat nitong mukha.

Sa *Megamall* nga nag-ayang pumunta si Maja,

at sa parking lot pa lang, uminit na ang ulo ni GJ. Ito na yata ang mall na laging madaming taong nagpupunta, weekday man o weekend, may sale o wala. Lihim na siyang nagngingitngit, pero hindi niya ipinakita iyon sa dalaga. Baka ngayon pa lang, mabasted na siya. Hindi pa nga rin niya sigurado kung gusto niyang ligawan ito.

Nakahanap siya ng parking space sa fourth level at pumasok na sila ng mall. At dahil Sabado, madami talagang tao. May listahan si Maja ng mga gusto nitong bilhin kaya sunud-sunuran lang siya rito.

Ang una nilang pinuntahan ay sa *National Book Store*. Laking gulat niya nang makitang namili ito ng mga Tagalog pocketbooks. Nagbabasa pala ito ng mga Tagalog na libro. Dinala rin siya nito sa art galleries sa fourth floor kung saan kilala nito halos lahat ng mga naroon. Nagbibigay ito ng mga leaflets at flyers sa mga attendants at curators ng mga galleries at kumuha siya ng isa para pagmasdan iyon habang nakikipagbiruan si Maja sa isang attendant.

Isang abstract painting ang nasa unang ikatlong bahagi ng flyer, at sa ilalim niyon ay nakasulat ang *Altamirano Art Auction for Charity*.

Binasa niya ang mga nakasulat pa sa ilalim niyon bago pa mag-click sa kanya kung saan niya narinig ang

apelyido ni Maja. Sina Dionisio at Marissa Altamirano ay mga alamat sa industriya ng sining. Isang tanyag na pintor si Dionisio at isa namang potter si Marissa, at pareho silang pinarangalan bilang national artists. Ang panganay nilang si Deodatu, o si Datu na siyang nakausap ni GJ sa telepono, ay isa ring tanyag na eskultor.

Nagtaguyod din ang mga Altamirano ng isang art magazine—ang *Illumina*—na pinamamahalaan ng mag-asawa at ng kanilang panganay na anak na babaeng si Maharlika, o si Maja.

Hinarap siya ng dalaga matapos makapagpaalam sa attendant at sabay silang lumabas ng gallery. "Bakit hindi mo sinabi sa 'king anak ka pala ni Dionisio Altamirano?"

Pinagmasdan siya nito bago ito nagkibit-balikat. "Hindi naman importante kung sino ang mga magulang ko, eh."

"Actually," sabi ni GJ at kinuha niya ang kamay nito, "importante sa 'kin 'yun. Gusto kitang makilala di ba? Gusto ko malaman ang lahat ng tungkol sa 'yo."

Pinisil ni Maja ang kamay niya bago iyon binitiwan. "Hindi ko pa din alam kung gusto kitang i-date, so saka na tayo mag-holding hands."

"Bakit ba kasi?" Hindi siya naiinis dahil karapatan naman ng dalaga na pag-isipan kung gusto siya nito o hindi, pero gusto lang niyang maintindihan kung bakit ayaw sa kanya ni Maja.

Sinulyapan siya nito habang papalapit sila sa escalator pababa ng mall. "Kasi mayaman ka," mahinang sagot nito. "And I don't date rich guys."

Dahil bahagyang natulala si GJ sa sagot nito, nauna na ito sa escalator at napilitan siyang humabol. Nahawakan niya ito sa braso at sa magkatabing baitang sila tumayo habang bumababa. "Ano'ng ibig mong sabihing you don't date rich guys?"

Sinulyapan siya nito. "Just that. Snob na kung snob, pero hindi ako komportableng kasama ng mayayaman."

Giniya niya ang dalaga sa *Starbucks* para makaupo sila at nakita niyang nakasimangot ito. "See?" sabi nito. "Kung ordinaryong tao ka, hindi ka magkakape dito dahil ang isang tasa ng kape dito ay katumbas ng isang meal sa *Jollibee*."

Nagsisimula nang uminit muli ang ulo ni GJ dahil sa palagay niya, napaka-unfair ng assessment na iyon ng babae. "Mauupo ka dito," utos niya at itinulak pa ito paupo sa isa sa mga sofa sa sulok ng

coffee shop. "At hihintayin mo ako kasi bibili ako ng kapeng kasing-mahal ng meal ng *Jollibee*, at mag-uusap tayo."

Naiinis siyang tumalikod at nagtungo sa counter. By ordinary standards, mayaman na siya kung mayaman. Pero kung tratuhin naman siya ni Maja ay parang masama siyang tao. Mayaman siya, hindi impakto. Gusto niyang makausap ito para malaman ang puno't dulo ng galit nito sa mga katulad niyang may-kaya.

Dala ang dalawang grande coffee-based caramel frapuccino, bumalik si GJ sa sofa kung saan nakahalukipkip ang dalaga at nakatanghod sa bintana para pagmasdan ang traffic sa ibaba ng mall. Ibinaba niya ang tray ng frapuccino sa mesa bago siya naupo sa armchair sa tapat nito.

"Now, you're going to tell me kung bakit ayaw mo sa mayayaman," simula niya.

Sinulyapan siya ni Maja bago muling namintana. May ilang minuto silang tahimik. Siya, sumisipsip ng frappucino; ang kasama naman niya ay hindi siya pinapansin. Hanggang sa nagpakawala ito ng frustrated na buntong-hininga at muli siyang hinarap.

"Are you always this frustratingly patient?" asik

nito.

Mala-anghel ang ngiti ni GJ. "All the time. Sasabihin mo ba sa 'kin ang dahilan o dito tayo buong araw? I assure you, I can wait that long."

Dinuro siya ng dalaga. "'Yan, isa sa mga dahilan 'yan. Porque mayaman kayo, akala n'yo gagawin na ng lahat ng tao ang gusto n'yo."

Pinagmasdan lang niya ang kanyang baso ng frappucino na para bang napakaimportante niyon sa kanya. "Actually," sagot niya nang muling tiningnan ang kausap, "personality trait ko 'yun, hindi dahil mayaman ako."

"You're arrogant, overbearing—"

"Does that mean you like me?"

Natigilan ang dalaga. Nakaawang ang mga labi na nakatitig lang ito sa mukha niya bago ito nagsimulang tumawa. "I hate you," sabi nito habang humahagikgik pa rin.

Ngumiti lang si GJ. "Natutunaw na 'yung inumin mo."

"I don't—"

"Huwag mong sabihin sa 'king ayaw mo."

Hinayaan niyang lumabas na ang inis niya. "Alam kong umiinom ka niyan at maiinsulto na 'ko nang tuluyan kapag hindi mo inubos iyan."

First impulse ni Maja ang sabihing sana ibinili na lang siya nito ng *Zagu*. Halos pareho lang ng tipo ng inumin, mas mura pa. Pero hindi naman siya bastos na siya na nga ang binilhan, siya pa ang nagrereklamo. Kainsu-insulto iyon sa binata na nagmagandang-loob lang. Inangat niya ang baso bago sumipsip sa straw na si GJ na ang naglagay.

"Alam mo," sabi ng lalaki, "not all of us rich kids are that bad. Madami sa 'min ang mababait."

She let out an unladylike snort.

"Totoo 'yun! Masyado ka lang sigurong na-expose kina Camille at Martin. Ibang level naman ang mga batang iyon. 'Yun talaga 'yung mga rich, spoiled brats. Ako, hindi ako spoiled at hindi ako brat."

Matagal na pinag-aralan niya ang kaharap bago nagsalita. "Kaya mong patunayan sa 'king hindi ka katulad ng mga spoiled brats na 'yun?"

May mga paraan si GJ dahil hindi siya tulad ng kapatid sa maraming bagay. Hindi siya materialistic, at pinapahalagahan niya ang pera. Alam niyang bigay ng Diyos ang estado niya sa buhay, at kahit kailan,

puwede rin iyong bawiin ng Dakilang Lumikha.

Kumindat siya kay Maja. “Kaya. But you would have to take the chance. You’d have to date me.”